



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

DI MAHABA ANG BUHAY NATIN

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

“Kulli aatin qareeb,” ang sabi nga. Ibig sabihin ang hinaharap ay malapit na. Iniisip ng mga tao na mabaha ang kanilang buhay kahit na ito’y maikli lang. Ang hinaharap na ating sinasabi ay ang kamatayan at araw ng paghukom.

“Tool-e amal,” sabi nila, ibig sabihin ang pagiging mapagmahal sa mundo ay di mabuti. Ang mga tao ay nag-iisip na mabubuhay pa ako ng matagal, mahaba pa buhay ko. Sasabihin ninla mamaya na to o bukas na. Kanilang iniisip na matagal pa ang oras. Malapit lang ang hinaharap. Maari kang mabuhay hanggang 1000 pero di mo pa rin matitigil ang pagdating ng kamatayan o Qiyamah. Kaya dapat gumawa ka ng mabuti at maghanda na para sa Akhira habang may kakayanan at oras ka pa.

Ang bawat minuto at segundo ay mahalaga. Wag mong padaanin ang oras ng hindi nasa loob ng Dhikr sa Allah. Hindi tayo ginawa ng Allah para sa mundong ito. Itong mundo ay puno ng pagsubok. Kahit na mabuhay ka ng matagal wala itong halaga kapag di ka nagDhikr sa Allah.

Dapat iyong sabihin, “Allahu haziri, Allahu naziri, Allahu shahidi,”¹ sa bawat pagkakataon. Di mo ito dapat makalimutan kahit isang minuto. Ika’y dapat nasa loob ng pagdhikr sa Allah. Ang Dhikr na sinasabi natin ay di lamang iyong sambitin sa bibig kung hindi unawain na Kasama mo lagi Ang Allah. Ito ang ating kinakailangan.

Kapag ika’y laging nasa loob ng Dhikr sa Allah, di ka makakagawa ng Masama. Mabuti lahat ang iyong nanaisin. At ito’y isang makakabuti sayo. Tayo lahat ay dapat sa loob ng Zikr sa Allah. Hindi natin siya dapat kalimutan. Tayo ay manatili sa Zikr Allah sa bawat minuto at pagkakataon In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

1. Allah is present, Allah watches me, Allah is my witness.

2. Lafza-e Jalal: Allah.



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani



Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
20 November 2016/20 Safar 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah